Australian Government
Department of Immigration and Citizenship

Pangangala sa bata sa Programa ng Ingles para sa Migranteng nasa Hustong Gulang

Nagbibigay ng pangangalaga sa bata ang Programa ng Ingles para sa Migranteng nasa Hustong Gulang (Adult Migrant English Program o AMEP) para sa mga kliyenteng may mga anak na nasa edad na hindi pa maaaring mag-aral at nangangailangan ng pangangalaga sa bata upang makadalo sa mga klase ng AMEP.

Ibinibigay ang pangangalaga sa bata nang walang bayad sa kliyente ng AMEP, at matatagpuan sa loob ng 30 minuto mula sa tirahan ng kliyente ng AMEP o sa loob ng 30 minuto mula sa klase ng AMEP kung saan posible. Maaring mas matagal sa 30 minuto ang paglalakbay depende sa lokasyon ng pasilidad ng pangangalaga sa bata at maaaring makuhang sasakyan.

Susubukang isaayos ng iyong provider ng serbisyo ng AMEP ang pangangalaga sa bata na nasa loob ng 30 minuto mula sa iyong bahay o klase ng AMEP, ngunit maaaring hindi ito palaging posible.

Nagbibigay lamang ng pangangalaga sa bata habang dumadalo ka sa klase ng AMEP. Hindi nito sakop ang ibang mga gawain sa labas ng mga oras ng iyong klase sa AMEP.

Sa pagtatasa ng iyong pangangailangan sa pangangalaga sa bata, maaaring mag-alok ang iyong provider ng serbisyo ng AMEP ng hanay ng mga pagpipilian upang masimulan mo ang pag-aaral sa lalong madaling panahon. Halimbawa, maaaring hilingin sa iyo na:

- mag-aral sa isang centre ng komunidad na may on-site na pasilidad ng pangangalaga sa bata
- maglakbay nang mas malayo sa gusto mo, patungo sa klase ng AMEP
- mag-aral sa bahay sa tulong ng tutor o sa pamamagitan ng malayuang pag-aaral hanggang magkaroon ng lugar ng pangangalaga sa bata.

Maaaring hindi kaagad makakuha ng pangangalaga sa bata dahil limitado ang mga lugar at malaki ang pangangailangan dito. Gayunpaman, kinakailangang isaayos ng mga provider ng serbisyo ang panganglaga sa bata sa takdang panahon upang sumabay sa pagsisimula ng iyong kurso sa AMEP.

Kung nadarama mo na hindi tumutugon sa iyong pangangailangan ang pagsasaayos ng pangangalaga sa bata, dapat mo itong talakayin sa iyong provider ng serbisyo ng AMEP. Para sa higit pang impormasyon kung paano gumawa ng reklamo, mangyaring sumangguni sa iyong handbook ng mag-aaral ng centre ng AMEP o makipag-usap sa iyong guro o isa pang miyembro ng kawani.

Pakitandaan na kapag hindi kayo dumalo sa isang klase ng AMEP, o kung naubos na ang iyong matrikula sa Ingles, kakailanganin mong gumawa ng iyong sariling mga pagsasaayos ng pangangalaga sa bata.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa childcare, makipag-ugnay sa iyong provider ng serbisyo ng AMEP.